

# UNIT 1

# Filipino Bilang Wikang Pambansa, Wika ng Bayan at Wika ng Pananaliksik na Nakaugat sa Pangangailangan ng Sambayanan

# FILIPINO

***Wikang Pambansa***

# PANIMULA:

Ang daigdig ay multilinggwal na.

Ayon kay Pei, (2001) mayroon higit sa 2,796 ang mga pangunahing wika sa daigdig hindi pa kasama ang iba't-ibang dayalekto o subdayalekto ng mga pangunahing wika.



# PANIMULA:

Sa pagkakaroon ng ibat-ibang wika sa daigdig, natatangi ang bansang Pilipinas ayon kay Veneranda S. Lachica, (2003), dahil sa pagiging multilingguwal nitong bansa. Sinabi rin niya na hindi malaking kakulangan kung hindi isang pambansang kayamanan ang lokal na wika para sa intensidad at para magsilbing pangunahing midyum ng panimulang pagkatuto at gayun din ang wikang Filipino sa pambansang pagkakaunawaan.



# PANIMULA:

Sa patuloy na pagsabog ng sibilisasyon, sa panahon ng teknolohiya, ang mga ibinungang imbensyon likha ng pangyayari at karunungan ay lumitaw bilang karagdagang salita sa ating wika.







# PANIMULA:

Global na wika ang Filipino. Ginagamit ito saan mang kasuluk-sulukan ng mundo hanggang may kababayan tayo.

Ayon sa pananaliksik ni Victoria (2016) mahigit 40 na paaralan sa ibat-ibang panig ng daigdig itinuturo na ang Filipino. Patunay lamang ang pagkakaroon ng kapangyarihan ang wikang Filipino bilang wikang sinasalita sa ibang panig ng mundo.



MANILA, Philippines – More schools in Alberta, Canada, will soon offer a Filipino language and culture program as part of the curriculum in a bid to preserve the "deep roots" of the community, the provincial government said.




Wikang Pambansa
Wika ng Bayan
Wika ng Pananaliksik

# Wikang Filipino

Dahil na rin sa pagiging Global ng wikang Filipino, iba’t -ibang bansa na ang nagtuturo nito gaya na lamang ng Germany, United States, United Kingdom, Australia, France, China, Japan, Taiwan, Brunei, Malaysia, and Canada.



## Paano magiging Global ang Wikang Filipino?

- ✓ Kapag nakipag-usap ang isang Pilipino sa isang dayuhan gamit ang Filipino dito sa bansa.
- ✓ Kapag nakipag-usap ang isang Pilipino sa isang dayuhan gamit ang Filipino sa ibang bansa.
- ✓ Ang pakikipag-usap ng isang banyaga sa kapwa banyaga gamit ang Filipino dito sa Pilipinas.
- ✓ Ang paggamit ng banyaga ng Filipino upang makipag-usap sa kapwa banyaga sa ibang bansa.

# KONSEPTONG PANGWIKA

**MONOLINGGWAL** – Kakayahang makapagsalita ng iisang wika.

**BILINGGWAL** – Kakayahan ng isang ao na makapagsalita ng dalawang wika.

**MULTILINGGWAL** – Kakayahan n isang taong makapagsalita at makaunawa ng iba't ibang wika.

**MOTHER TONGUE BASED** – Unang wika o wikang ginamit mula sa pagkapanganak.

**PURISMO** – Pagyamanin ang wikang Tagalog at maiwasan ang panghihiram ng salitang banyaga.



# KONSEPTONG PANGWIKA

**PAMBANSANG WIKA** – Isang wikang ginagamit nang pasalita o pasulat ng mga mamamayan ng bansa

**WIKANG OPISYAL** – Wikang itinatadhana ng batas na ginagamit sa mga opisyal na komunikasyon ng gobyerno.

**WIKANG PANTURO** – Wikang ginagamit na midyum o daluyan ng pagtuturo at pagkatuto sa edukasyon.




Wikang Pambansa
Wika ng Bayan
Wika ng Pananaliksik

# WIKA

Ayon kay Edward Sapir, isang dalubhasa sa wika, ito ay isang **likas** at **makataong** pamamaraan ng paghahatid ng mga kaisipan, damdamin at mithiin. Kung hindi maipapahayag ng tao ang kanyang mga ideya at niloloob, anong uri kaya ng lipunan mayroon tayo?



# WIKA

Ang wika ay isang **masistemang balangkas** ng mga **sinasalitang tunog** na **pinipili at isinaaayos** sa paraang **arbitraryo** upang **magamit** ng mga **taong** kabilang sa iisang **kultura**.

- Henry Gleason, 1961




Wikang Pambansa
Wika ng Bayan
Wika ng Pananaliksik

# KATANGIAN NG WIKA

- ✓ **Masistemang balangkas**
- ✓ **Sinasalitang tunog**
- ✓ **Pinipili at isinasaayos**
- ✓ **Arbitraryo**
- ✓ **Magamit**
- ✓ **Tao**
- ✓ **Kultura**
- ✓ **Likas**
- ✓ **Dinamiko**




Wikang Pambansa
Wika ng Bayan
Wika ng Pananaliksik

# KASAYSAYAN NG WIKANG PAMBANSA

**1935** – Pagsasagawa ng hakbang sa pagtatalaga ng wikang pambansa.

**1936** – Nilikha ang SWP (SURIAN NG WIKANG PAMBANSA).

**1937** – Tinawag na “Tagalog”ang batayan ng wikang pambansa.

**1940** – Itinuro ang tagalog sa Paaralan.


**1959** -Tinatawag na “Pilipino” ang wikang pambansa.

**1987** – Tinatawag na “Filipino” ang wikang Pambansa.

- **Artikulo 14, seksyon 6** – Filipino bilang pambansang wika.
- **Artikulo 14, seksyon 7** – Filipino bilang wikng panturo at wikang opisyal
- **Artikulo 14, seksyon 8** – Ang saligang batas ay nararapat ipahayag sa Ingles, Filipino at iba pang pangunahing wika.
- **Artikulo 14, seksyon 9** - Pagtatatag ng Komisyon ng Wikang Pambansa.

# KASAYSAYAN NG WIKANG PAMBANSA


Saligang Batas 1987 ng Bagong Konstitusyon ng Pilipinas, Artikulo XIV, Seksyon 6 - 9



# KASAYSAYAN NG WIKANG PAMBANSA

SEKSYON 6. Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.

Alinsunod sa tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang medium ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.



# KASAYSAYAN NG WIKANG PAMBANSA

SEK. 7. Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at, hangga’t walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles. Ang mga wikang panrehyon ay pantulong na mga wikang opisyal sa mga rehyon at magsisilbi na pantulong na mga wikang panturo roon. Dapat itaguyod nang kusa at opsyonal ang Kastila at Arabic.



# KASAYSAYAN NG WIKANG PAMBANSA

SEK. 8. Ang Konstitusyong ito ay dapat ipahayag sa Filipino at Ingles at dapat isalin sa mga pangunahing wikang panrehyon, Arabic, at Kastila.



# KASAYSAYAN NG WIKANG PAMBANSA

SEK. 9. Dapat magtatag ang Kongreso ng isang komisyon ng wikang pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang mga rehyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang mga wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili.

# Ang Wikang Pambansa ng Pilipinas

Ayon kay Baaco, Belgira atbp, (2013) ang pagkakaroon ng wikang Pambansa ay nagbibigay daan sa pagkakaisa at nagbibigay tulong sa pag-unlad ng iba’t ibang aspeto sa bansa gaya ng politikal, sosyolohikal, ekonomikal at higit sa lahat mapagyaman ang estado ng edukasyon sa bansa.













Ang wika ang ginagamit komunikasyon ng mga tao sa lipunan bilang instrumento ng komunikasyon. Ito rin ang ginagamit pagtuturo upang matuto ang mga mag aaaral, na maituturing na isa sa mahahalagang salik ng isang matagumpay na pagkatuto. Hindi magiging matagumpay ang alinmang klase ng edukasyon kung hindi tayo nagkakaintindihan at kung hindi tayo gagamit ng iisa at sarili nating wika. Sa paggamit ng ating sariling wika sa mga edukasyon mas magiging madali para sa mga mamamayang Pilipino ang makahikayat upang makisali sa pakikipagtalastasan at mga talakayan sa loob ng ating silid-aralan.


Ang wikang Pambansa ng Pilipinas at nagsimula bilang TAGALOG, naging PILIPINO, at ngayon ay FILIPINO.



Ang wikang Pambansa ng Pilipinas at nagsimula bilang TAGALOG, naging PILIPINO, at ngayon ay FILIPINO.



Ang wikang Pambansa ng Pilipinas at nagsimula bilang TAGALOG, naging PILIPINO, at ngayon ay FILIPINO.



# MGA DALUBWIKA AT ANG KANILANG PANANAW SA WIKA

Ang taong nag-aaral ng wika, sapagkat nag-aangkin siya ng mga hindi-karaniwang kaalaman at kakayahan hindi lamang sa pagsasalita kundi sa pagsusuri ng wika.



**LOPE K. SANTOS**

Ama ng Pambansang Wika at Balarila

# MGA DALUBWIKA AT ANG KANILANG PANANAW SA WIKA

Binanggit naman ni Bienvenido Lumbrera (2007) na parang hininga ang wika. Gumagamit tayo ng wika upang kamtin ang bawat pangangailangan natin.



**BIENVENIDO LUMBRERA**

# MGA DALUBWIKA AT ANG KANILANG PANANAW SA WIKA

Ang Wika ayon kay Dr. Jose Villa Panganiban,ay paraan ng pagpapahayag ng kuru-kuro at damdamin sa pamamagitan ng mga salita upang makipag-unawaan sa kapwa-tao. Ito ay binubuong mga salita, parirala, at pangungusap na may kahulugan.



**JOSE VILLA PANGANIBAN**

# MGA DALUBWIKA AT ANG KANILANG PANANAW SA WIKA

Ayon kina Pamela C. Constantino at Galileo S. Zafra (2000), ang wika ay isang kalipunan ng mga salita at ang pamamaraan ng pagsasama-sama ng mga ito para magkaunawaan o makapag-usap ang isang grupo ng mga tao.



Pamela C. Constantino



Galileo S. Zafra



“Kailangan natin ang wikang Ingles upang mabuhay sa kasalukuyang panahon. Ngunit kailangan natin ang wikang Filipino na wika ng Pilipinas upang mabuhay nang pang habang panahon.”(Randy David)

**Mahalaga ang wikang Filipino sapagkat ito ay wika na rin ng mundo. Ipagpatuloy natin ang paggamit ng wikang Filipino upang magpatuloy ang pagyabong nito. Dahil kung hindi tayo ang gagamit nito, sino? Kung hindi dito sa ating bansa, saan kayang bansa? At kung hindi ngayon, kailan pa?**

# INTELEKTUWALISASYON

# INTELEKTUWALISASYON

salitang ugat

depinisyon mula UP Diksiyonaryong Filipino

**intelek**
*intellect*

**talino** (salitang kasingkahulugan ng salitang ugat na intelek (intellect)

- fakultad ng pangangatwiran at paggamit ng pag-iisip, na iba sa pakiramdam at kalooban ng isang tao ; o ang pang-unawa o mental na kakayahan
- tao na matalas ang pag-iisip ; o ang kolektibong pangkat ng mga ito
- likás na kakayahan o kapangyarihan

## intelektuwal / intellectual + sasyon / zation = pagsasa-intelektuwal

- transpormasyon

LAHAT BA NG WIKA AY GANAP NANG

# INTELEKTUWALISADO ?

# HINDI.

**HALIMBAWA NA RITO ANG WIKANG FILIPINO.**



DAVID MICHAEL SAN JUAN
DE LA SALLE UNIVERSITY

“*Bata pa ang wikang pambansa at hindi pa ito ganap na intelektwalisado o nagagamit sa iba’t ibang larangan.*”

PAANO NGA BA NAGIGING
# INTELEKTUWALISADO ANG WIKA?

seleksiyon > desiminasyon > estandardisasyon > kultibasyon

**MODELO NG PAG-UNLAD NG WIKA**

> *Kung walang nakasulat sa Filipino sa mga iba't ibang asignatura, hanggang kailanman, hindi pwedeng gamitin ang Filipino na panturo sa mga disiplinang teknikal, atbp."*



**THE INTELLECTUALIZATION OF FILIPINO AND OTHER ESSAYS ON EDUCATION AND SOCIOLINGUISTICS (1999)**

**BONIFACIO P. SIBAYAN**

# YUNIT I

# Ang Ugnayan ng Kasaysayan at Kultura







**kul·tú·ra**
png | [ Esp cultura ]
: kalinangan




**ka·say·sá·yan**
png |[Bik Hil Kap Seb Tag War]
: tuloy-tuloy at kronolohikong pagtatalâ ng mga pangyayaring may kabuluhan o pampubliko

Ayon kay **Palma (2015)**, maliwanag ang landas na tinatahak sa pag-aaral at pagtuturo ng kasaysayan ng Pilipinas. Ang dahilan ay sapagkat mayroong malaking paniniwala ngayon na upang umunlad ang kultura ng isang malayang bansa, **kailangang taluntunin ang kaniyang nakalipas sa ugat ng kaniyang nasyonalismo**

Sa talumpati ni **Lumbera (1993)**, makapangyarihan ang **puwersang nasyonalismo.** Nakapagbubunsod ito ng malalaking pagbabago sa buhay ng isang indibidwal at sa kalagayan na rin ng bayan

Mahalaga ang **karanasan** ng tao dahil pinatatatatag nito ang kaniyang buhay bilang mamamamayan ng isang lipunan. Ang kaniyang mga karanasan ay nagsisilbing bahagi ng kaniyang **kasaysayan**.

# Ang Relasyon ng Wika, Kultura at Identidad



wikacom.wordpress.com

# WIKA

**Ang isa sa pinakamahalaga sa tao at lipunan.**

*"No man is an island"*

*Samakatuwid, walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang*

# WIKA at KULTURA


- Ang wika ay nakakaapekto sa kultura, sapagkat matutukoy o makikilala natin ang isang tao sa kung ano ang wikang kanyang ginagamit, gayundin malalaman natin kung ano ang kultura o etnikong kanyang pinagmulan.


# WIKA at KULTURA

- May mga salita ring pag-aari lamang ng isang bansa.  Halimbawa na lang nito ay sa Pilipinas, dito lang sa atin ang may salitang "Po","Opo" at "Oho" na naglalarawan sa kaugalian ng mga Pilipino bilang magalang.
- Sa ibang probinsiya naman gumagamit sila ng "Manong" at "Manang" kapag mas nakatatanda sa kanila ang isang tao.  Sa ibang lugar partikular sa mga taga-Maynila ay hindi na ito ginagamit o paminsan-minsan na lang ginagamit dahil para sa karamihan hindi ito magandang pakinggan.

- May kapangyarihan ang wika at may wika ang kapangyarihan ayon kay De Quiros (1996).
- Ang wika ay makapangyarihan sapagkat ito ay kaluluwa ng bayan.

- Ang pagkakaroon ng isang **pambansang wika** ay magbibigkis sa mga mamamayang may iba't ibang kultura, iba't ibang wika at katayuan sa buhay.













# Ano ang Kultura?

- Bawat pangkat ng mga taong naninirahan sa isang bansa, bayan, pook o pamayanan ay may sariling kultura.
- Ang kultura, sa payak na kahulugan, ay ang sining, literatura, paniniwala, at kaugalian ng isang pangkat ng mga taong nananahanan sa isang pamayanan. (Santiago, 1979)

# DALAWANG URI NG KULTURA (DELMIRIN, 2012)

- Materyal na kultura - Binubuo ng mga bagay na nakikita at nahahawakang pisikal. Nabibilang dito ang mga kasangkapan, kasuotan, kagamitan, bahay at pagkain.



# MATERYAL NA KULTURA

1




KASANGKAPAN

2



KASUOTAN

3



KAGAMITAN

# MATERYAL NA KULTURA

4



BAHAY

5



PAGKAIN

# DALAWANG URI NG KULTURA (DELMIRIN, 2012)




- Di-materyal na kultura - ang mga kaugalian, tradisyon, panitikan, musika, sayaw, paniniwala at relihiyon, pamahalaan at hanap-buhay ay sumasaklaw sa di-materyal na kultura.

# DI-MATERYAL NA KULTURA

**1**




**KAUGALIAN**

**2**



**TRADISYON**

**3**




**PANITIKAN**


# DI-MATERYAL NA KULTURA

4





MUSIKA

5



SAYAW

6



PANINIWALA


# DI-MATERYAL NA KULTURA

7




RELIHIYON

8



PAMAHALAAN

9



HANAPBUHAY

# WALANG WIKANG SUPERYOR SA IBANG WIKA

- Magkakapantay-pantay ang lahat ng wika at kultura. Ito ang iginiit ni **Franz Boas** ng nagsimula ang ikahuling bahagi ng ika-19 siglo.
- Binigyang diin ni Boas na kaya ng lahat wikang ipahayag ang anumang gustong ipahayag ng katutubong nagsasalita nito ngunit sa iba-ibang kaparaanan at estilo ayon sa kulturang iniiralan ng nasabing wika.

# ANG WIKA AT KULTURA AY MAGKABUHOL

- Hindi maaaring paghiwalayin ang wika at kultura. Ang pagkawala o pagkamatay ng isang wika ay nangangahulugan din ng pagkamatay o pagkawala ng isang kultura. Ang wika ang siyang pagkakakilanlan ng isang kultura. (Santos et al., 2009)

# YUNIT I

# Ang Lipunan at Kultura





Nagsulputan ang mga gawaing may **makakabagong** dulog at napalitan ang dating **nakasanayan**. Nakapaloob sa kulturang ito ang **musika**, **panoorin**, **kasuotan**, **pagkain**, **inumin**, at ***gadgets***.



Nagsulputan ang mga gawaing may **makabagong** dulog at napalitan ang dating **nakasanayan**. Nakapaloob sa kulturang ito ang **musika**, **panoorin**, **kasuotan**, **pagkain**, **inumin**, at ***gadgets***.



**MUSIKA**:
awiting bayan gaya ng kundiman

**MUSIKA**:
makabagong awitin tulad ng jazz, k-pop, rap, regae

**PANLASA/PAGKAIN**:
pagkain ng dayuhan gaya ng hotdog, pizza, milk tea, hamburger, french fries, chocolate milk tea, at iba pa

**WIKA/PANANALITA**:
jejemon, bekimon at iba pang balbal na salita na naiimbento sa kasalukuyan





Sa isang pag-aaral ni Taylor **(1990)**, na ama ng antropolohiya winika niya na, "**ang kultura ay isang kabuuang kompleks na may malawak na saklaw**.



Ayon kay **Bakhtin**, itinampok niya ang **karnabal** bilang isang pagtatanghal kung saan nakapaloob ang iba't ibang uri ng kultura.









# Ang Disiplina ng Sining at Midya Gamit ang Wika








# 1.1 Wika ng Sining
# 1.2 Wika ng Midya







# 1.1 Wika ng Sining





# SINING

- Ang SINING ay tumutukoy sa anumang gawain o likhang pinagbubuhusan ng husay at talento. Ito ay mula sa salitang latin na “ars” – talento o kakayahan.
- Ang anumang gawaing pansining o likhang-sining ay kinapapalooban ng pagbabalak, paghahanda, pagsasakatuparan, at paggamit ng imahinasyon.

# SINING











# Ang Wika ng Sining ng Pelikula

















# Ang Wika ng Pelikula





- Ang pelikula, kilala rin bilang sine at pinilakang tabing.
- Ito ay isang larangan na sinasakop ang mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sining o bilang bahagi ng industriya ng libangan.


Four Sisters and
A Wedding


Hello, Love,
Goodbye


Heneral Luna



Goryo: Ang
Batang Heneral

Sa pagsulat ng ISKRIP ng mga kilalang linya na inyong napanood ay nagagamit ang wikang Filipino. Nagagamit ito upang:

- Magkuwento
- Magbigay-aral
- Maisakatuparan ang layunin ng pelikula.
- Mapagyabong ang wika.




# Paggamit ng Wikang Filipino sa Indie Film




- Ang mga *indie films* ay naging isang kilalang klase ng pelikula sa Pilipinas. Ang ibig sabihin ng "indie" ay "*independent*".
- Ang mga pelikulang ito ay gawa ng mga tunay na direktor at *filmmakers,* pero walang kumpanyang nag-aasikaso sa mga produksiyon nila.
- Ang proseso ng paglikha ng mga pelikulang indie ay mura at hindi magastos, hindi tulad ng mga pelikulang gawa ng mga *major film studios.*

# Paggamit ng Wikang Filipino sa Indie Film




❖Ang estilo ng mga ito ay neo-realismo, binibigyang diin ang makatotohanang paglalahad ng lahat ng uri ng realidad sa Pilipinas, saan mang sulok ng bansa ito manggaling. Dahil dito, nakapag-aambag ito sa paglago ng wikang Filipino dahil sa mga bagong salitang kaakibat ng mga bagong paksain na ito.


# 1.2 Wika ng Midya





# WIKA NG MIDYA

- Ang MIDYA ay isang uri ng komunikasyong ginagamit ng tao upang makaugnay at makapagpabatid ng mensahe (Livesey, 2011).




# Klasipikasyon ng Midya (Rodman, 2007)

## Print Media




## Broadcast Media



## Digital Media




## Entertainment Media



# TUNGKULIN NG MIDYA

- Makapagdulot ng aliw
- Ipalaganap ang kabatiran
- Maging tagapagtaguyod ng kagalingang panlipunan
- Maging tagapag-ugit ng kasaysayan




# WIKA NG MIDYA

- Unti-unting naipakikilala sa buong kapuluan ang opisyal na wikang dapat gamitin hindi lamang sa mga paaralan kundi maging sa mga tanggapan.
- Mas malimit na naririnig ng mundo ang wikang iniingatan at pinangangalagaan ng lahing kayumanggi.



# WIKA NG MIDYA




- Sa broadcast media gaya ng radyo, Filipino rin ang wikang ginagamit upang maghatid ng impormasyon sa iba't ibang rehiyon.
- Naaabot na rin maging sa ibang bansa ang mga kapwa Pilipino gamit ang mga programang may tatak pinoy sa telebisyon gaya ng TFC (The Filipino Channel)

PBB teens

Ammacanna

Netizens

Dabarkads

Madlang people

Ansaveh

Arat na!

Petmalu

Senatoriables/Presidentiables

GG

# YUNIT I

## Ang Wika at ang Musika







**mú·si·ká**
png | [ Esp musica ]
1: sining ng kombinasyon ng mga pantinig at pang-instrumentong tunog upang makabuo ng kaaya-ayang anyo, harmonya, at ekpresyon ng isang emosyon



**wi·kà**
png | Lgw
1: lawas ng mga salitâ at sistema ng paggamit sa mga ito na laganap sa isang sambayanan na may iisang tradisyong pangkultura at pook na tinatahanan



**ta·láb**
png | [ ST ]
1: tagos ng anumang uri ng talim o tulis sa isang bagay

Ang pagkahumaling at pagtanggap ng mga Pilipino sa **awiting novelty** ay isang uri ng kultura na niyayakap bunsod ng kasikatan bunga nang malawakang **pagtangkilik** at **adbertismo**.



**novelty (nó·vel·tí)**

png | [ Ing ]

: nobedád

1: kaibahán:

2: anumang bagay na naiiba



# HALIMBAWA NG NOVELTY SONGS




**Otso Otso**
Bayani Agbayani




**Totoy Bibo**
Vhong Navarro




**Jumbo Hot Dog**
Masculados




**Spaghetti**
Sexbomb Girls

Maliit ang tiyansa ng mga awiting may **malalim na kahulugan** sa pansala ng mga Pilipino dahil ang mga awiting ini-ere sa mga istasyon ng **radyo** at tumatagos maging sa **telebisyon**, **pelikula**, at **patalastas** ay awiting may kakaibang tunog o liriko na may kabastusan o may "*double meaning*" upang makapagbigay lamang saya sa mga taga-konsumo. Ito ang awiting novelty.



Malaki ang partisipasyon ng musika sa buhay ng mga Pilipino. Dahil sa musika, lumalalim ang kanilang **pagkakaibigan**. Sa sama-sama nilang pag-awit ng mga awitin na bahagi ng kanilang **komunidad** at **panahon**, ay nagbubuklod sa kanilang samahan.





“*Nagiging anestisya sa krisis ang kulturang popular.*”

-**Enrico Torralba**

Ang **novelty song** bilang isang **kulturang popular** ay nagagamit ng mga Pilipino upang magsaya o maglibang nang panandalian ngunit sa likod nito pagtakip o pagtakas sa sitwasyon ng tunay na buhay.



Dahil sa positibong hatid ng ***cultural industry*** sa mga **kapitalista** ay naging isang **produkto** ang musika na pinaghugutan ng **kasikatan** at **kita**.



# Dekada ‘70




**Masdan mo ang Kapaligiran**

Asin



Ayon kay **Gil** sa kaniyang sanaysay na “***Rock takes over from novelty songs***” (2005), paano baguhin ang mga oras. Ngayon, isang taon lamang ang nakalipas, na ang mga lokal na istasyon ng radyo ay ipinagmamalaki ng kanilang kakaibang playlist.

# MGA AWITING PINATUTUGTOG SA RADYO



**Gitara**
Parokya ni Edgar



**Hanggang Kailan**
Oranges & Lemon



**Hallelujah**
Bamboo



**Jopay**
Mayonnaise

Kagaya ng **wika**…
kapag "**nagsasalita**" ang **musika**,
"**nakikinig**" ang **damdamin**.



# YUNIT I

# Musika at Personal na Danas





# Ugoy ng Duyan




Nilikha ng Pambansang Alagad ng Sining sa Musika, **Lucio D. San Pedro**, noong 1943 at nilapatan ng liriko nang mahusay na si **Levi Celerio** noong 1948.




# YUNIT I

## Mga WIKA ng BAYAN






Hindi uunlad ang **Filipino** kung hindi sabay na uunlad ang **iba pa nating mga wika**. Kailangan na nating tanggapin ang malaon nang katotohanan na **multilingguwal** ang karakter ng lipunang Filipino. Kaya tantanan na ang away laban sa Ingles. At tantanan na rin ang *Tagalog-centric* na pagtingin sa wika.



Tungkulin nating mga Filipino na **yakapin** ang **iba pa nating mga wika** at tiyakin na **yayabong** ito kasabay ng **pambansang wika**.



# YUNIT I

## Ang Disiplina ng Tula para sa Bayan





**tu·lâ**

png | Lit

: akdang may mga taludtod, lalo na ang may nalinang na anyong pampanitikan, natatangi sa masidhing gamit ng salita at ritmo upang ipahayag ang isang malikhaing pagtingin sa isang paksa





# Maraming Salamat!

WIKANG FILIPINO